



Ang Iyong mga Pagsusuri sa Laboratoryo

Ang mga pagsusuri sa laboratoryo ay kailangan kapag mayroon kang kanser. Ang mga pagsusuring ito ay karaniwang isinasagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng kaunting dugo mula sa ugat sa iyong braso. Ang iba pang mga pagsusuri ay isinasagawa sa mga selulang kanser na inalis sa panahon ng biopsy. Ang mga pagsusuri sa laboratoryo ay nagkakaloob ng impormasyon upang matulungan ka at ang iyong cancer care team na madagdagan pa ang kaalaman tungkol sa iyong kanser, mahanap kung alin ang pinakamahusay na opsyon sa paggagamot, at makita kung paano tumutugon ang iyong katawan sa paggagamot. Maaari ring gamitin ang mga pagsusuri sa laboratoryo upang mahanap ang iba pang mga problema sa kalusugan at maaaring makatulong na maiwasan ang ilang side effect. Narito ang pinakakaraniwang uri ng mga pagsusuri sa laboratoryo at kung ano ang maipapaalam ng mga ito sa iyong cancer care team tungkol sa iyong kalusugan.

Complete blood count (CBC)

Isa sa mga pinakakaraniwang pagsusuri sa laboratoryo ang complete blood count (kumpletong bilang ng dugo), o CBC. Sinusukat ng CBC ang 3 uri ng mga selula sa dugo: ang mga red blood cell, white blood cell, at platelets. Ang bawat uri ng selula ay may espesyal na tungkulin. Depende sa uri ng iyong kanser, paggagamot na nakukuha mo, at kung paano tumutugon ang iyong katawan sa paggagamot, ang bilang ng selula ng iyong dugo ay maaaring tumaas o bumaba. Minsan, maaaring maging napakataas o napakababa nito.

- Ang mga red blood cell (mga RBC, pulang selula ng dugo) ay nagdadala ng oksiheno mula sa бага patungo sa buong katawan. Ang mga red blood cell ay madalas na sinusukat gamit ang mga antas ng hemoglobin (HGB) at hematocrit (HCT). Kapag napakababa ng alinman sa mga ito, sinasabing ang isang tao ay may anemia. Dito ka maaaring mapagod o manghina nang husto, mahirapang huminga, o mahilo.
- Ang mga white blood cell (mga WBC, puting selula ng dugo) ay tumutulong sa katawan sa paglaban sa impeksyon. Mayroong napakaraming uri ng white blood cell, at ang bawat isa ay gumagana sa espesyal na paraan. Ang mga neutrophil ay ang pinakamahalagang uri ng white blood cell para sa

paglaban sa impeksyon. Kung mataas ang bilang ng iyong neutrophil, maaaring mangahulugang mayroon kang impeksyon. Ngunit kung nakakakuha ka ng mga partikular na uri ng paggagamot sa kanser, maaaring bumaba ang bilang ng iyong neutrophil. Ang bilang na tinitingnan ng iyong mga doktor sa panahon ng paggagamot ay tinatawag na absolute neutrophil count (ANC). Kapag mababa ang bilang ng iyong ANC, mas mataas ang tsansang makakuha ka ng impeksyon.

- Ang platelets (plts) ay tumutulong na sa pamumuo ng iyong dugo at sa pagpapatigil ng pagdurugo. Kapag mababa ang bilang ng iyong platelet, maaari kang madaling magdugo o magkaroon ng pasa, at kapag ikaw ay nagdugo, maaaring abutin ng matagal bago mapahinto ang pagdurugo.

Chemistry panel

Ang chemistry panel ay isang pagsusuri sa laboratoryo para sa mga partikular na substansya sa iyong dugo upang malaman kung paano gumagana ang iyong mga organo gaya ng iyong atay at mga bato. Sinusukat din nito ang electrolytes sa iyong dugo, gaya ng sodium, potassium, at calcium. Minsan, ang kanser at mga paggagamot sa kanser ay maaaring magdulot ng mga chemistry test na maging napakataas o napakababa.

Mga biomarker (mga tumor marker at molekular na pagsusuri)

Ang ilang uri ng mga selula ng kanser ay gumagawa ng mga kemikal o protina na makakatulong sa mga doktor na mag-diagnose ng kanser, malaman kung paano gagamutin ang kanser, o makita kung paano tumutugon ang iyong katawan sa paggagamot. Ang mga ito ay paminsan-minsang tinatawag na mga biomarker, tumor marker, o molekular na pagsusuri. Ang ilan sa mga pagsusuring ito ay masusukat sa pamamagitan ng pagkuha ng dugo, at ang ilan ay sinusukat sa pamamagitan ng pagsusuri sa ihi o mga tisyu sa katawan.

Ang mga **tumor marker** ay maaaring makatulong sa paghahanap ng kanser o makita kung paano ka tumutugon sa paggagamot. Minsan ang antas ng tumor marker ay maaaring mababa o mataas para sa iba't ibang dahilan.

Ang mga **molekular na pagsusuri** ay tumutulong sa paghanap ng mga pagbabago sa gene o protina sa mga selula ng kanser. Mahalagang masuri ang ilang uri ng kanser para sa mga pagbabagong ito bago gumawa ng mga desisyon sa paggagamot. Ang pag-alam kung

ang iyong tumor ay may mga partikular na pagbabago ay makakatulong sa iyong doktor na malaman kung aling paggagamot ang maaaring pinakamakabuti sa iyo. Alamin sa iyong cancer care team para makita kung ang uri ng iyong kanser ay dapat suriin para sa mga pagbabago sa gene o protina.

Ano ang normal?

Ang normal na bilang para sa mga pagsusuri sa laboratoryo ay maaaring medyo mag-iba depende sa laboratoryo. Ang itinuturing na normal ay maaaring magdepende sa uri ng kanser at paggagamot na natatanggap mo. Kausapin ang iyong cancer care team tungkol sa kung ano ang ibig sabihin para sa iyo ng mga bilang sa pagsusuri. Ipapaalam sa iyo ng iyong cancer care team kung napataas o napakababa ng pagsusuri sa laboratoryo, at kung ano ang magagawa upang maibalik sa normal ang mga antas sa iyong dugo.

Ang normal na bilang para sa bawat pagsusuri ay karaniwang nakasulat sa iyong ulat ng laboratoryo, katabi ng resulta ng iyong pagsusuri. Nakakatulong para sa ilan ang mapag-aralan ang mga resulta ng pagsusuri kasama ang miyembro ng kanilang cancer care team.

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org**. Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.



cancer.org | 1.800.227.2345

TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
Blg. 0044.98-Nirebisa 11/21

